Republic of the Philippines
**Department of Education**
**Regional Office IX, Zamboanga Peninsula**

Zest for Progress
Zeal of Partnership




# 4

# Araling Panlipunan

## Ikaapat na Markahan – Modyul 2:
## Mga Karapatan ng Mamamayang Pilipino



Name of Learner: ___________________________

Grade & Section: ___________________________

Name of School: ___________________________

**Araling Panlipunan – Ikaapat na Baitang**
**Ikaapat na Markahan – Modyul 2: Mga Karapatan ng Mamamayang Pilipino**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | | |
|---|---|---|
| **Manunulat:** | Cristy Salaveria | |
| **Editor:** | Charles Ryan A. Calacat | |
| **Tagasuri** | Vilma C. Velasco | |
| **Tagalapat:** | May D. Olavides | |
| **Tagapamahala:** | Virgilio P. Batan | -Schools Division Superintendent |
| | Jay S. Montealto | -Asst. Schools Division Superintendent |
| | Amelinda D. Montero | -Chief Education Supervisor, CID |
| | Nur N. Hussien | -Chief Education Supervisor, SGOD |
| | Ronillo S. Yarag | -Education Program Supervisor, LRMS |
| | Monina R. Antiquina | - Education Program Supervisor |
| | Leo Martinno O. Alejo | -Project Development Officer II, LRMS |
| | Janette A. Zamoras | - Public Schools District Supervisor |

**Inilimbag sa Pilipinas ng**

**Department of Education – Region IX – Dipolog City Schools Division**
Office Address: Purok Farmers, Olingan, Dipolog City
Telefax: (065) 212-6986
E-mail Address: dipolog.city@deped.gov.ph

# Aralin 2 — Mga Karapatan ng Mamamayang Pilipino



## Alamin

Sa modyul na ito, inaasahang maipamamalas mo ang sumusunod na kaalaman, kakayahan at pag-unawa:

- Natatalakay ang konsepto ng karapatan ng mga mamamayang Pilipino



## Balikan

**Panuto:** Isulat sa patlang ang Tama kung ang pahayag ay tumutugon sa pagkamamamamayang Pilipino ayon sa batas at Mali kung hindi.

_____ 1. Isa man sa iyong mga magulang ay Pilipino,ikaw ay mamamayang Pilipino.

______2. Ang mga dating dayuhan na dumaan sa proseso ng naturalisayon ay mamamayang Pilipino.

______ 3. Ikaw ay mamamayang Pilipino kung mamamayan ka ng Pilipinas bago Pebrero 2007.

______ 4. Ang isang Pilipinong nakapag-asawa ng isang dayuhan ay hindi na maaaring maging mamamayang Pilipino.

_______5. Hindi na maaaring maging mamamayang Pilipino ang isang dating Pilipino na piniling maging naturalisadong mamamayan ng ibang bansa.



# Tuklasin

Bilang isang mamamayang Pilipino,mahalagang malaman ang ating mga karapatan na magsisilbing gabay sa pakikitungo sa kapuwa at pakikiisa sa lipunan. Ano-ano kaya ang mga karapatang ito?



# Suriin

***Karapatan*-** ay anumang bagay o paglilingkod na tinatamasa ng isang tao nang naaayon sa batas.

## *Mga Karapatan ayon sa Konstitusyon*

***Karapatang Sibil*** -Ay nauukol sa pagtatamasa ng mga mamamayan ng kapayapaan at kaligayahan sa buhay. Kasama rito ang sumusunod;

- Karapatang mabuhay
- Karapatang magsalita at ipahayag ang sarili
- Karapatang hindi mabilanggo dahil sa pagkakautang
- Karapatang magkaroon ng tirahan at ari-arian
- Karapatan laban sa sapilitang paglilingkod
- Karapatan sa pantay na proteksiyon sa batas
- Karapatan sa di-makatuwirang pagdakip at paghalughog
- Karapatan sa mabilis na paglilitis

***Karapatang Politikal*-** Ay nauukol sa ugnayan ng mamamayan sa pamahalaan .Kasama rito ang sumusunod:

- Karapatang bumoto
- Karapatan sa pagkamamamayan
- Karapatang magpetisyon
- Kalayaang magsalita, maglimbag,at magtipon-tipon
- Karapatang bumuo ng samahang hindi labag sa batas
- Karapatang gumanap ng tungkuling pampulitiko
- Karapatang alamin ang mahahalagang impormasyon ukol sa pamamalakad ng pamahalaan.

***Karapatang Panlipunan***-Ito ay nakatutulong sa pangangalaga ng Kapakanang panlipunan ng mga mamamayan gaya ng sumusunod:

- Karapatang pumili ng relihiyon
- Karapatang maglakbay
- Karapatan sa lihim na korespondensiya at kumunikasyon

***Karapatang Pangkabuhayan*** **-**Ito ay tumutulong sa pangangalaga sa kapakana ng kabuhayan ng mga mamamayan tulad ng sumusunod:

- Karapatang pumili ng propesyon o hanapbuhay
- Karapatang maging ligtas sa maruming kapaligiran at pagawaan
- Karapatang makinabang sa mga likas na yaman
- Karapatang bayaran nang wasto sa pribadong ari-arian na ginamit ng pamahalaan
- Karapatan sa edukasyon
- Karapatan sa pagmamay-ari

***Karapatan kapag Nasasakdal*** -Pinangangalagaan nito ang nasasakdal Laban sa anumang kasalanan sa pamamagitan ng makatarungang paglilitis. Kasama sa mga karapatang ito ang sumusunod:

- Karapatang marinig sa hukuman
- Karapatang malaman ang kaso laban sa kanya
- Karapatang pumili ng magaling na abogado
- Karapatan sa madalian at walang kinikilingang paglilitis
- Karapatang magkaroon ng testigo
- Karapatang tumanggap ng sapat na tulong
- Karapatang magbayad ng piyansa upang pansamantalang Makalaya
- Karapatan laban sa malupit at di-makataong parusa
- Karapatang maituring na walang kasalanan o inosente hanggang hindi napapatunayan ng korte
- Karapatan laban sa dalawang ulit na kaparusahan sa iisang kasalanan
- Karapatang makaharap ang umaakusa at mga saksi

***Karapatan ng mga Bata***-Ang *Samahan ng Nagkakaisang mga Bansa ( United Nations)ay bumuo ng Pandaigdigang Kasunduan ng mga Karapatan ng mga Bata ( Universal Declaration of children's Rights)* upang tugunan ang pang-aabuso sa mga bata Sa iab't ibang panig ng mundo. Narito ang mga karapatang nakapaloob sa kasunduan:

- Karapatang mabuhay
- Karapatang maging malusog
- Karapatang magkaroon ng pangalan at nasyonalidad
- Karapatang magtamasa ng maayos na pamumuhay kahit may Kapansanan
- Karapatang alagaan at mahalin ng magulang
- Karapatang ampunin kung ito ang higit na makabubuti
- Karapatan sa sapat na edukasyon
- Karapatan sa sapat na pagkain, damit,at tirahan
- Karapatang maprotektahan laban sa diskriminasyon
- Karapatan sa malayang pagpapahayag ng sarili
- Karapatan sa malayang pag-iisip,budhi at relihiyon
- Karapatang magpahinga at maglaro
- Karapatan na mabigyan ng proteksyon laban sa pagdukot at pagbebenta ng mga bata
- Karapatan namabigyan ng proteksyon laban sa armadong Labanan
- Karapatang mabigyan ng proteksyon laban sa malupit na Parusa
- Karapatang mabigyan ng proteksyon sa mga bawal na gamot
- Karapatan na mapangalagaan laban sa sekswal na Pagmamalabis
- Karapatang mapangalagaan sa pagsasamantalang paghahanapbuhay



# Pagyamanin

Bilang isang mamamayang Pilipino, mahalagang malaman natin ang ating mga karapatan na magsisilbing gabay sa pakikitungo sa kapuwa at pakikiisa sa lipunan.Itinakda ng Saligang Batas ng 1987 ang karapatan na magbibigay ng proteksiyon upang makapamuhay ng tahimik at matiwasay.



# Gawain

**Gawain A**

Tukuyin kung anong uri ng karapatan ang inihahayag ng pangungusap. Isulat sa patlang bago ang bilang ang titik.

A – kung ito ay likas na karapatan
B – karapatang sibil
C—karapatang pulitikal
D--karapatang panlipunan at pangkabuhayan
E—karapatan ng nasasakdal at
F F--karapatan ng bata

____1. Binigyan si G.Juan ng pampublikong abogado para ipagtanggol siya sa kaniyang kaso.

____2. Tuwing halalan, hindi nalilimutan ni Shiela na bumoto sa kanilang lalawigan.

____3. Hindi pinigil ng kaniyang ama si Iska na sumapi sa relihiyon ng Kaniyang napangasawa.

____4. Nasunod ang pangarap ni Yen na ,maging guro.

____5. Ibinigay ng pamilya Mendoza kay Amy ang pagmamahal na kailangan niya.

**Gawain B**

Panuto: Lagyan ng tsek ( √ )ang bilang kung ang sinasabi ay sumusunod sa karapatan ng isang nasasakdal.

1.Si Rudy ay kinasuhan ng kaniyang kapitbahay na nagnakaw ng kanilang telebisyon kaya siya ay binansagan na magnanakaw ng buong subdibisyon kahit hindi pa ito napatutunayan.

2.Walang pambayad ng abogabo si Alex kaya binigyan siya ng korte ng isang abogado mula sa Public Attorney's Office.

3. Si Jack ay pinaghahanap ng mga pulis dahil sa kasong pagnanakaw kaya nang matagpuan siya ng mga ito ay pinagbubugbog siya.

4. Si Dodo ay napagbintangang naglustay ng pera ng opisina.Naging mabilis ang paglilitis kaya siya ay agad napawalang sala.

5. Hindi pinayagan si Dan na magpiyansa nang siya ay ikulong sa kasong pananakit.

**Gawain C**


Kilalanin kung anong mga karapatan ng mga bata ang inilalarawan. Piliin sa kahon ang tamang sagot.

A. Karapatang maging mabuhay
B. Karapatan sa sapat na edukasyon.
C. Karapatan sa sapat na pagkain damit at tirahan.
D. Karapatang alagaan at mahalin ng magulang.
E. Karapatang maglaro.
F. Karapatang magkaroon ng pangalan at nasyunalidad.

1.________ 

2. ________ 

3.________ 

4.____________ 

5.__________ 



# Isaisip

Nakapaloob sa Saligang Batas ng 1987 ang mga karapatang dapat tamasahin ng bawat Pilipino upang makapamuhay nang Malaya at may dignidad. Ang karapatan ng mamamayan ay nauuri sa tatlo:*ang karapatang likas,ayon sa batas at konstitusyonal.* Ang konstitusyonal na karapatan ay napapangkat sa *political,sibil, panlipunan at pangkabuhayan at karapatan ng nasasakdal.*Ang Samahan ng Nagkakaisang mga Bansa ay bumubuo ng Kalipunan ng mga Karapatan ng mga Bata na batayan ng mga karapatan ng mga bata sa buong mundo.



# Tayahain

**Panuto**: Basahing mabuti ang bawat pahayag at bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Anong artikulo at seksyon ng Saligang Batas ng 1987 nakasaad ang pagpapahalaga sa mga karapatan ng mamamayan?
   A. Artikulo I seksyon 1-15 ng Saligang Batas ng 1987.
   B. Artikulo II seksyon 1-17 ng Saligang Batas ng 1987
   C. Artikulo III seksyon 1-20 ng Saligang Batas ng 1977
   D. Artikulo III seksyon 1-22 ng Saligang Batas ng 1987
2. Ang mga karapatan ayon sa konstitusyon ay napapangkat sa sumusunod:
   A. Politikal,karapatang likas, sibil at panlipunan
   B. Sibil, pangkabuhayan at political
   C. Politikal, sibil,panlipunan at pangkabuhayan,at karapatan ng nasasakdal.
   D. Sibil,pangkabuhayan at panlipunan

3. Anong karapatan ang nangangalaga laban sa anumang kasalanan sa pamamagitan ng makatarungang paglilitis?
   A. Karapatan ng nasasakdal
   B. Karapatang Panlipunan
   C. Karapatan ng mga Bata
   D. Karapatan pangkabuhayan

4. Anong Samahan ang bumuo ng Pandaigdigang kasunduan ng mga karapatan ng mga Bata?
   A. United Nation
   B. ASEAN
   C. Universal Declaration of Children Rights
   D. Saligang Batas 1897

5. Anong karapatan ang alamin ang mahalagang impormasyon ukol sa pamamalakad ng pamahalaan.
   A. Karapatang sibli
   B. Karapatang political
   C. Karapatang panlipunan
   D. Karapatan ng nasasakdal

6. Anong karapatan ang maprotektahan laban sa diskriminasyon?
   A. Karapatan ng mga Bata
   B. Karapatan sibil
   C. Karapatang panlipunan
   D. Karapatang pangkabuhayan

7. Mahilig umawit ang magkaibigang Nervy, Judy at Marisa kaya naisipan nilang malinang ang kanilang talent. Anong karapatan ang tinutukoy rito?
   A. Karapatang panlipunan
   B. Karapatang political
   C. Karapatang sibil
   D. Karapatan ng mga Bata

8. Walang pambayad ng abogado si Alex kaya binigyan siya ng korte ng isang ng isang abogado mula sa Public Attorney's Office. Anong karapatan ang tinutukoy?
   A. karapatang sibil
   B. karapatang panlipunan
   C. karapatang political
   D. karapatan ng nasasakdal

9. Ito ay tumutukoy sa anumang bagay o paglilingkod na tinatamasa ng isang tao nang naayon sa batas. Ano ito?
   A. Karunungan
   B. Karapatan
   C. Kasunduan
   D. Tungkulin

10. Ang lupain ng pamilyang Aseniero ay ginamit ng pribadong pamahalaan,kaya binayaran sila nito sa tamang halaga. Anong karapatan ang tinutukoy?
   A. Karapatang Pangkabuhayan
   B. Karapatan ng mga Bata
   C. Karapatang sibil
   D. Karapatan ng nasasakdal



# ***Karagdagang Gawain***

**Panuto:** Isulat sa patlangkung anong karapatan ang nalabag sa bawat sitwasyon.

1. Binuksan ni Tina ang liham na dumating para sa kaniyang kapatid dahil wala ito sa bahay.

   ________________________________________
   ________________________________________
   ________________________________________

2. Pinilit ng mga pulis na maghanap ng mga ebidensiya sa bahay nina Dencio kahit wala silang dalang *search warrant*

   ________________________________________
   ________________________________________
   ________________________________________



# *Susi sa Pagwawasto*

| **Balikan** |
|---|
| 1. Tama |
| 2. Tama |
| 3. Mali |
| 4. Mali |
| 5. Mali |

**Gawain**

| **A.** | **B.** | **C.** |
|---|---|---|
| 1. E | 1. X | 1. A |
| 2.C | 2. √ | 2. C |
| 3. B | 3. X | 3. D |
| 4. D | 4. √ | 4. E |
| 5. A | 5. X | 5. B |

| **Tayahin** |
|---|
| 1. D |
| 2. C |
| 3. A |
| 4. A |
| 5. B |
| 6. A |
| 7. B |
| 8. D |
| 9. B |
| 10. A |

# Sanggunian

Araling Panlipunan 4, Kagamitan ng Mag-aaral, pahina 337--345

**Region IX: Zamboanga Penin sula Hymn – Our Eden Land**

Here the trees and flowers bloom
Here the breezes gently Blow,
Here the birds sing Merrily,
The liberty forever Stays,

Here the Badjaos roam the seas
Here the Samals live in peace
Here the Tausogs thrive so free
With the Yakans in unity

Gallant men And Ladies fair
Linger with love and care
Golden beams of sunrise and sunset
Are visions you'll never forget
Oh! That's Region IX

Hardworking people Abound,
Every valleys and Dale
Zamboangueños, Tagalogs, Bicolanos,
Cebuanos, Ilocanos, Subanons, Boholanos,
Ilongos,
All of them are proud and true
Region IX our Eden Land
Region IX
Our…
Eden…
Land…

**The Footprints Prayer**

One night I had a dream. I dreamed that I was walking along the beach with the LORD.

In the beach, there were two (2) sets of footprints – one belong to me and the other to the LORD.

Then, later, after a long walk, I noticed only one set of footprints.

"And I ask the LORD. Why? Why? Why did you leave me when I am sad and helpless?"

And the LORD replied "My son, My son, I have never left you. There was only one (1) set of footprints in the sand, because it was then that I CARRIED YOU!

**Trees by Joyce Kilmer**

I think that I shall never see
A poem lovely as a tree.

A tree whose hungry mouth is prest
Against the earth's sweet flowing breast;

A tree that looks at God all day,
And lifts her leafy arms to pray;

A tree that may in Summer wear
A nest of robins in her hair;

Upon whose bosom snow has lain;
Who intimately lives with rain.

Poems are made by fools like me,
But only God can make a tree.